

## MGA BATA at ADULTS NA WALA PANG 65 TAONG GULANG

Ang NJ FamilyCare ay isang publicly funded health coverage para sa NJ residents. Ito'y nagbibigay ng libre o abot-kayang mahusay na health care. Kasama sa NJ FamilyCare program ang CHIP, Medicaid at Medicaid expansion populations.

### Ano ang Sinasakop?

Ang NJ FamilyCare ay nagbibigay ng buong health care coverage sa pamamagitan ng mga health plan na kinontrata ng estado. Sinasakop ng NJ FamilyCare ang halos lahat ng pangangailangan sa health care, kabilang ang:

- mga pagpunta sa doktor
- mga x-ray
- mga salamin
- mga serbisyo para sa autism
- mga de-resetang gamot
- pagpapa-ospital
- mga serbisyo sa mental health
- mga serbisyong pang-komadrona para sa komunidad
- mga lab test
- dental
- mga pagpunta sa espesyalista
- tulong para sa mga personal na panganga-ilangang pangkalusugan

### Sino ang Kwalipikado:

Ang mga kwalipikadong NJ residents, anuman ang edad, ay maaaring maging kwalipikado para sa NJ FamilyCare. Kabilang dito ang mga anak, mga magulang, mga kamag-anak ng caretaker, at mga taong may sapat na gulang na walang mga dependent na anak. Ang pagiging kwalipikado ay batay sa kita at kalakihan ng sambahayan na iniulat sa pinakabagong federal tax return ng aplikante. Gayunman, maaaring gamitin ng NJ FamilyCare ang ibang sources, katulad ng mga pay stub, upang patunayan ang impormasyon. Ang pagiging kwalipikado ng kita para sa mga bata ay mas mataas kaysa sa pagiging kwalipikado ng kita para sa adults. (Tingnan ang chart)

### Magkano Ito?

Para sa maraming tao, walang gastos ang NJ FamilyCare. Para sa mga pamilyang mas mataas ang kita at may mga anak, mayroong iskaladong sistema para sa pagbabayad.

### Mayroon Bang Anumang Mga Restriksyon?

Ang mga dati nang kondisyon ay hindi naka-aapekto sa kwalipikasyon. Ang matatanda ay kailangang may katayuan bilang Legal na Permanenteng Residente nang hindi kukulangin sa limang taon para maging kwalipikado. Ang mga bata at buntis na kababaihan, anuman ang kanilang petsa ng pagpasok sa US, ay maaaring maging kwalipikado kung sila ay mga legal na residente. Para sa mga hindi-dokumentadong residente, maaaring maging kwalipikado ang kanilang mga anak kung mayroon silang katayuan bilang karapat-dapat na migrante o isinilang sa US.

### Para sa Karagdagang Impormasyon

Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado, o para sa karagdagang impormasyon, tumawag o bisitahin ang aming website.

MAG-APLAY ONLINE! [www.njfamilycare.org](http://www.njfamilycare.org)

**1-800-701-0710 (TTY: 711)**

(May mga Operator sa Iba't-ibang Wika)

Ang NJ FamilyCare ay tumutupad sa mga angkop na Pederal na batas ukol sa mga sibil na karapatan at hindi ito nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, kasarian, edad, o kapansanan. Kung nagsasalita ka ng **Tagalog**, may makuha kang tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-800-701-0710 (TTY: 711).

| MAXIMUM NA BUWANANG KITA<br>mula Enero 1, 2022                            |                         |   |                                    |
|---|-------------------------|---|------------------------------------|
| Kalakihan ng Pamilya at Buwanang Kita na Inireport sa iyong Federal Taxes |                         |   |                                    |
| Laki ng Pamilya *   | Mga Anak (Wala pang 19) | (Mga) Magulang at (Mga) Single Adult (19-64 taong gulang) | Mga Buntis na Babae (Anumang Edad) |
| 1   | \$ 4,021                | \$ 1,563  | Hindi Angkop                       |
| 2   | \$ 5,417                | \$ 2,106  | \$ 3,128                           |
| 3   | \$ 6,814                | \$ 2,649  | \$ 3,935                           |
| 4   | \$ 8,210                | \$ 3,192  | \$ 4,741                           |
| 5   | \$ 9,606                | \$ 3,735  | \$ 5,547                           |
| 6   | \$ 11,003               | \$ 4,277  | \$ 6,354                           |
| Bawat Karagdagang Miyembro  | \$ 1,397                | \$ 543  | \$ 807                             |

\* Ang laki ng iyong pamilya ay maaaring mahadlangan ng kabuuang bilang ng (mga) magulang o (mga) caretaker, at lahat ng mga kadugo na anak na wala pang 21 taong-gulang at na tax dependent, at sino mang ibang tax dependent na indibidwal na naninirahan sa iyong tahanan.